LUNGSOD NG CALAMBA · LAGUNA · 1742 · 2001

# CALAMBALITA

Vol. 2 No. 001, Weekly Edition

January 8, 2018 Bilang 5


# PARA SA AKING MINAMAHAL NA CALAMBEÑOS,

## isang Mapayapa at Masaganang Bagong Taon sa Lahat!

Naging tunay na katangi-tangi ang 2017 para sa ating lungsod dahil sa maraming dahilan. Sa biyaya ng ating Panginoong Diyos at sa pagtutulungan ng bawa't isang pinuno at kawani ng Pamahalaang Panlungsod, kinilala tayo sa husay ng pamamalakad sa maraming larangan ng lokal na pamamahala, pangunahin ang SEAL OF GOOD LOCAL GOVERNANCE mula sa DILG dahil sa husay sa Financial Administration, Disaster Preparedness, Social Protection, Peace and Order, Business Friendliness and Competitiveness, Environmental Management at Tourism, Culture and Arts. Bukod dito, ginawaran din tayo ng Child Friendly Local Governance, Tourism Excellence Award, Platinum Award for Solid Waste Management, Best in GAD implementation, Top Performer in Public Employment Service at mahusay ng pagpapanatili ng Nutrition Honor Award.

Vol. 1 No. 004, Weekly Edition Nobyembre 20, 2017 Bilang 4

Ang hamon na mas pagbutihin pa ang antas ng paglilingkod ang sama-sama nating hinaharap sa taong 2018. Dahil ang paglilingkod ay walang hangganan, sisikapin natin na mahigitan ang magandang rekord ng taong nagdaan...mas ligtas at mapayapang pamayanan, mas maunlad na pamumuhay sa pamamagitan ng mas maraming trabaho at negosyo, mas kaaya-ayang kapaligiran, kapanatagan sa larangan ng edukasyon at kalusugan at marami pang iba.




Sa pagtugon sa hangarin ng dakilang bayani, Dr. Jose Rizal na sumulat kay Ferdinand Blumentritt na, "Hangad ko ang kaligayahan ng aking bayan...", inaanyayahan ko ang lahat na maging bahagi ng pangkalahatang programa na makapagbigay ng masaganang buhay at magandang kinabukasan para sa kaligayahan ng lahat ng ating mamamayan.

Muli po, MALIGAYANG BAGONG TAON sa lahat.

JUSTIN MARC SB. CHIPECO
Punong Lungsod

HAPPY KAMI SA CALAMBA CITY



Sa pagtatapos ng 2017 at sa pagsalubong sa bagong taon, sama-sama tayong magpasalamat sa kapayapaan atkaunlarang patuloy na ipinagkakaloob sa ating lungsod ng Panginoon. Ang Kanyang patnubay ay nadama natin sa lahat ng antas sa ating komunidad at buo ang ating pag-asa na ang 2018 ay magiging mas mabunga para sa ating lahat.

Isang kasiyahang makita na nagtatagumpay ang Pamahalaang Panlungsod sa mga programang tumutugon sa pangunahing pangangailangan ng ating mga mamamayan. Sa panahon kung kailan bumibigat ang mga hamon dala ng mabilis na pag-unlad ng ating kapaligiran at humihigpit na kompetisyon sa mga bansa, kinakailangang maagap sa mga bagong kaalaman at matuto ng mga bagong kasanayan na tutugma sa hinihingi ng pagkakataon. Tunay na lumiliit ang mundo dahil sa pagsulong ng teknolohiya. Dahil dito, dapat na may kakayahan ang pamahalaan na mapaghandaan ang talino at kakayahan na hinihingi nito.

Patuloy na gagabay ang inyong lingkod upang ang kagalingan ng Calamba ay maisulong sa Pamahalaang Nasyonal at paiigtingin natin ang mga programa upang ang biyaya ng kaunlaran, kapayapaan at kasaganaan ay mapasaatin, hindi lamang sa taong 2018 kundi sa marami pang mga taon.
Patnubayan tayo ng Panginoon.

**JOAQUIN M. CHIPECO, JR.**
Kinatawan
Ikalawang Distrito ng Laguna

*Isang maka-DIYOS at maka-RIZAL na pagbati ng*

## *Maligayang Pasko at Manigong Bagong Taon!*

Ang liwanag ng Pasko ay sumisimbolo sa liwanag ni Kristo
at sa liwanag na dulot N'ya sa mundo.
Kaya't ang aking panawagan ngayong panahon ng
kapaskuhan...

Let your light shine...
Let us provide light to others...
Iparamdam natin sa bawat Calambeño
at sa ating kapwa tao ang
pag-ibig, kagalakan at kapayapaang dulot ni *Kristo*.

*Mensahe mula sa Puso*

Vice Mayor Roseller *"Ross" H.* Rizal

Tapat Magsilbi, Dugong Bayani




# PAGBATI MULA SA SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG CALAMBA



Masaganang 2018 Calambeño!
Makakaasa po kayo ng tuloy-tuloy na Serbisyo Publiko Alay ko sa Kapwa.

Ang inyong kaibigan,
Mr. Serbisyo Publiko

**Hon. Eddie H. Catindig**
City Councilor



I am deeply honoured and grateful for the opportunity to serve the Calambeños last year. True enough, we've been really blessed the whole year. 2017 was a great year for our beloved City - We continue to soar high and achieve our development goals. We were able to implement projects and provide numerous financial assistance.

While, this year 2018 offers a fresh start, it also entails new challenges along the way. Nevertheless, as long as we work and support each other, Calamba will surely remain blessed.

It is my hope and prayer that we continue to receive more blessings, opportunities, prosperity, and above all, success on all of our endeavors in our City of Calamba and to continue, support our government. Let's pray and work for it as one.

From your very own YES na YES, Merry Christmas and Happy New Year!

**Hon. Moises E. Morales**
City Councilor



Wishing all of us all the best for 2018 and all the years to come.


Happy New Year and may the Almighty Lord continue to shower us more blessings.

**Hon. Saturnino "Turne" Lajara**
City Councilor



Isang Maligayang Pasko at Masaganang Bagong Taon sa inyong lahat!

**Hon. Maria Virginia A. Alcasid**
City Councilor




Mahal kong Kalambenyo, ang nakalipas na taon ng 2017 ay punong-puno ng mga karanasan sa buhay ko na hindi ko makakalimutan. Ang nakalipas na taon ay nagbukas ng oportunidad sa aking buhay upang mapaglingkuran ang mga kababayan ko na kapus-palad at nangangailangan.

Ang paglilingkod sa bayan ay isang pangarap lang dati sa akin subalit ngayon, ito ay katotohanan na niyakap ko bilang Konsehal ng Siyudad ng Calamba. Ngayong 2018 mas magiging masigla ang aking paglilingkod dahil napatunayan ko na marami akong katuwang sa paglilingkod sa bayan at naniniwala na ang isang kabataan na katulad ko ay mayroong maaring iambag sa kaunlaran ng lipunan.

Nawa sa taong 2018 mas mabunga ang inyong taon upang matamo ang inyong mga adhikain para sa pamilya at sa inyong iba pang pangarap. Panalangin ko na tayo ay tumahak sa nagkakaisang landas patungo sa maunlad na Siyudad ng Calamba.

**Hon. Charisse Anne C. Hernandez**
City Councilor




Sa aking mga Kababayang Calambeño...

Sa pagsapit ng taong 2018, samasama natin salubungin ang bagong taon ng may pagbibigayan, pagmamahalan at pagkakaisa tungo sa tuloy-tuloy na pag-unlad ng bawat isa at ng ating minamahal na lungsod ng Calamba.

Ako at ang aking pamilya ay lubos na bumabati ng MALIGAYANG PASKO at MASAGANANG BAGONG TAON sa inyong lahat.

**Hon. Peewee P. Perez**
City Councilor



Ngayong 2018, panalangin ng inyong lingkod ang mas maunlad at mapayapang Lungsod ng Calamba, kung saan ang ating lokal na pamahalaan ay naibibigay ang mga pangangailangan ng ating mamamayan higit ang mga kapatid nating kapos-palad. Kabalikat ang ating Punong Lungsod at Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ng ating Pangalawang Punong Lungsod, ang inyong lingkod ay kasama at kaisa ninyo upang maibigay ang mabilis, malinis, at mataas na antas ng paglilingkod sa lahat ng sektor ng ating lipunan. Dala ang pag-asa ng bagong taon, ang inyong lingkod ay umaasa na sa tulong at awa ng ating Panginoong lumikha, makakamit natin ang kaunlaran at kapayapaan na magbibigay ng magandang kinabukasan sa ating bayan.

Sa ngalan na aking pamilya, ako ay buong pagmamahal at malugod na bumabati sa inyong lahat ng isang Masagana at Mapayapang 2018.

Mabuhay ang Lungsod ng Calamba !!!

**Hon. Angelito S. Lazaro Jr.**
City Councilor



Ang inyo pong lingkod at ang buong pamilya Del Valle - Espiridion ay taos pusong bumabati ng isang mas masaganang bagong taon sa inyong lahat.

Nawa'y maging puspos ng mas maraming biyaya at pagpapala mula sa ating Dakilang Lumikha ang taong 2018 sa ating lahat. Maghari nawa ang pagmamahalan, pag-uunawaan at kapayapaan sa ating mga tahanan at sa buong komunidad ng Lungsod ng Calamba.

Muli, isang masaganang 2018 sa ating lahat!

**Hon. Dyan DV. Espiridion**
City Councilor



Happy New Year everyone!

May this year of 2018 bring us opportunities in our way to explore new beginnings and joy in our life. May our resolutions for the days ahead stay firm and turning all our dreams into reality and great positive achievements. I pray and reposition ourselves for new beginnings with more opportunities, good health, long life, prosperoty, and success in the coming year.

God Bless us all . . .

**Hon. Johnny C. Lazaro**
City Councilor



Isang Mapagpala at Masaganang Bagon Taon 2018 sa inyo pong lahat.

Dalangin po ng inyong Lingkod na patuloy po umunlad ang ating Lungsod sa inyo pong pakikiisa at pakikipagtulungan sa ating pamahalaan.

Umasa po kayo na kami ay patuloy na gaganap sa aming tungkulin na matulungan ng Lungsod ng Calamba

**Hon. Santiago O. Atienza**
City Councilor



Sa pagsapit ng taong 2018, ating pagnilayan ang mga naganap sa nakalipas na taon at gamitin itong gabay upang makamit ang ating layunin sa hinaharap.

Sa pag-usad ng taong 2018, sana ay patuloy nating igalang at pahalagahan ang prinsipyo ng bawat isa.

Sama-sama tayo sa kabila ng magkakaibang pananampalataya, layunin at grupo sa pagharap sa bagong taon. Nawa'y ang ating dalangin at kahilingan ay magkaroon ng katuparan ngayong 2018.

Isang mapagpala, mapayapa at maunlad na Bagong Taon sa inyong lahat.

**Hon. Edison M. Natividad**
City Councilor

# City Human Resource and Management Office

**2017 BEST HUMAN RESOURCE MANAGEMENT PACTITIONER IN REGION IV**
for her (MAXIMA O. LAPASTORA) remarkable performance, dedication and commitment to public service. Through her faithful observance of Civil Service Law and Rules, effective implementation of the programs of the Commission, and her innovative ideas, the City Government of Calamba, Laguna became more responsive, committed, and effective in the delivery of public service.

**CERTIFICATES OF RECOGNITION**

**Learning and Development**
**Performance Management**
**Rewards and Recognition**
**Recruitment, Selection and Placement**

as a result of their determination and invaluable efforts to promote people excellence in their agency for efficient and effective public service delivery.







# Cultural Affairs, Tourism and Sports Development Department

**TOURISM EXCELLENCE AWARD FOR LOCAL GOVERNMENT**
In grateful recognition of its contribution to tourism, having implemented and accomplished programs and activities attuned to the DOT thrusts and possessed the attributes for tourism such as tourism ordinances, creation of plantilla positions, with tourism master plan and accredited tourism establishments, with valuable data on tourist arrivals, implemented best practices in ecotourism sites with concrete sustainable plans and with seal of good housekeeping.


The commitment and desire to develop and improve tourist areas highly contributed to the generation of employment, income and other opportunities for its people.

**TOP LGU FOR OVERNIGHT ARRIVALS**
For having generated a total of 1,022,631 overnight visitors in 2016 and for its relentless efforts and commitment in the enhancement and development of their destinations, providing better accessibility, enabling human resource attuned to the DOT service standards and consistent generation of information and data.

**12th ATOP-DOT PEARL AWARDS**
**Best Tourism Event (Festival-City)**
**2nd Runner Up**
**"Buhayani Festival 2016"**




# Business Permits and Tricycle Franchising Office






**NATIONAL QUALITY CORN ACHIEVERS AWARD**

**Outstanding support services rendered towards the production of quality corn and the development of the corn industry**




**PLAQUES OF RECOGNITION**
**Outstanding Agricultural Extension Worker (AEW) Category**

# City Agricultural Services Department

# 2017 AWARDS & RECOGNITIONS


## THE MOTHER OF ALL LOCAL GOVERNMENT AWARDS




# SEAL of GOOD LOCAL GOVERNANCE




**MOST OUTSTANDING CITY**
in the 2017 search for
Outstanding GAD Implementer in Calabarzon




**PLATINUM AWARD**
in recognition for its outstanding contribution to the rehabilitation and preservation of the Manila Bay and its watershed

## Cooperatives and Livelihood Development Department




**GAWAD PARANGAL**
**Hall of Fame Awardee**
in recognition of its exemplary performance, leading and institutionalizing cooperative development programs and projects beneficial to the cooperatives and to the cooperative movement as a whole, and being a recipient of 1st Place Best Performing LGU Cooperative Development Office, Component City Level, for three (3) consecutive years.

## City Health Services Department




**Nutrition Honor Award Maintainer**

## City Treasury Management Office




**Certificate of Recognition**
In grateful recognition and sincere appreciation of her invaluable efforts in surpassing the CY 2016 Revenue Collection Target of that Local Government Unit (LGU) from Real Property Tax and Economic Enterprise.

## MAS MAGANDA AT MABILIS NA B.O.S.S., IPINATUTUPAD NA

Abalang-abala na ang Business Permits and Licensing Office sa pagpapatupad ng Business-One-Stop-Shop mula Enero 3 -20, 2018 na may temang "Sa Inyong Tamang Buwis, Sukli'y Mabilis na Serbis!"

Bilang paghahanda, isinaayos ang pisikal na layout ng BPLO at pinabilis ang proseso ng renewal para sa mga taxpayers. Isa sa inobasyon ay ang pagtanggap lamang ng renewal sa Enero at para sa mga bagong negosyo na nais magparehistro at kukuha ng business permit ay sa Pebrero naman gaganapin. Ikalawa, pinaikli ang mga proseso upang maging mabilis at hindi nakakalito sa mga taxpayers. Ang dating limang (5) steps ay ginawang tatlong (3) steps na lamang. Hindi na rin mararanasan ng mga taxpayers ang magpabalik-balik sa mga opisinang kabilang sa One-Stop-Shop upang magpapirma ng mga clearances dahil ang mga tanggapan ng City Health, Bureau of Fire, Building at City Planning ay may mga nakatalagang empleyado na sa B.O.S.S.




Isang paalaala rin sa mga taxpayers na tatangkilik sa B.O.S.S. na siguraduhing kumpleto ang mga dokumentong kakailanganin sa pagrerenew ng business permits upang makabawas sa abala at masiguradong mabilis ang proseso. Istriktong paalaala din na sinumang hindi kumpleto ang mga dokumento ay hindi tatanggapin at hindi papayagang maiproseso ang renewal. Sa anumang karagdagang kaalaman at katanungan para sa One-Stop-Shop maaari pong magpadala ng mensahe sa pahina ng Business Permist and Licensing Division sa facebook o tumawag sa tanggapan ng BPTFO na may numerong (049) 545-6789 loc 8100

*-Abegail Molina & Loida Garcia*



## *KAISIPANG MAPAGBAGO,* MENSAHE SA RIZAL DAY 2017

"Ipinapa-alaala sa atin ngayon na magkaroon ng mabuting kaisipan para sa tunay na pagbabago. Kaisipang hindi ipagdamot ang oras at talino para sa kagalingan ng mas marami, kaisipang palaging isaalang-alang ang damdamin ng kapwa at respetuhin ang karapatan ng bawat isa...at higit sa lahat ang kaisipang baguhin ang nakaugaliang humahadlang sa patuloy nating pagsulong tungo sa kaunlaran."

Ito ang buod ng mensahe ni Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco sa natapos na 121 taong Paggunita ng Kabayanihan ng ating kababayan at Pambansang Bayaning si Dr. Jose Rizal.

Ginanap ang isang simpleng palatuntunan sa Museo ni Jose Rizal sa Calamba na dinaluhan nina Kinatawan Joawuin M. Chipeco, Jr., Vice Mayor Roseller "Ross " Rizal, Governor Ramil L. Hernandez na kinatawan ni Vice Governor Karen Agapay at mga Konsehal ng Lungsod. Nagbigay ang bawat isa ng mga mensahe na nakasentro sa kabayanihang ginawa ng ating kababayan.

Nag-alay ng bulaklak ang iba't-ibang sangay ng gobyerno, paaralan, NGO at pribadong kumpanya sa limang bantayog ni Rizal sa lungsod ng Calamba. *-Marivic Balba*

# 2017 PAMASKONG HILING RECIPIENTS

Tatlo Calambeño ang napagkalooban ng masaganang aginaldo ng Pamahalaang Lungsod ng Calamba sa pamamagitan ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco at ng Sangguniang Panlungsod.

Ang Pamaskong Hiling ay ipinagkakaloob sa ating mga kababayan upang matugunan ang kanilang mga ninanais sa kapaskuhan. *-Marivic Balba*



**ANGELINE RAMOS**
**Pamaskong Hiling Recipient**



**EVA VIVAR**
**Pamaskong Hiling Recipient**



**ROBERTA SILLA**
**Pamaskong Hiling Recipient**



# TARGET NA 500 PABAHAY NA IPAMIMIGAY NOONG 2017, NAHIGITAN NG CITY GOVERNMENT OF CALAMBA

Para sa taong ito, umabot sa 583 bahay at lupa ang kabuuang na nai-award ng City Government of Calamba sa pamumuno ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco at ng Sangguniang Panlungsod at sa pangangasiwa ng Housing and Settlements Department (HSD) sa Don Jose Homes Housing Project (DJHHP) sa Brgy. Banlic, Southville 6 (SV6) at Calambeño Ville V (CV5) sa Brgy. Kay-Anlog sa mga pamilyang mula sa iba't ibang barangay ng Calamba City.

Sa kabuuang 265 pamilya na na-awardan sa DJHHP, 52 ay mula sa Philippine National Railways (PNR), 81 ay nabiktima ng bagyo at 132 ay mula sa ibang lugar na itinuturing na danger zone. Ang 29 na nabahagian ng pabahay sa SV6 at 289 naman sa CV5 ay mula lahat sa danger zone.

Ang DJHHP at SV6 ay mga proyekto sa ilalim ng City Government of Calamba at National Housing Authority (NHA) habang ang CV5 naman ay sariling proyekto ng City Government. Binibigyang prayoridad sa DJHHP ang mga pamilyang kabilang sa census ng NHA noong 2003 na naninirahan sa tabing PNR at mga pamilyang naninirahan sa ibang danger zones tulad ng tabing-ilog naman sa SV6 at CV5.

Patuloy pa rin ang HSD sa pagtanggap ng aplikasyon mula sa mga Calambeñong nagnanais na mag-apply ng pabahay. Bukod sa nabanggit na kwalipikasyon, kinakailangan rin sa mga aplikante na wala pa silang pag-aaring sariling bahay at lupa, hindi pa nagiging awardee ng Pamahalaang Panlungsodo NHA man at may kakayahang kumpletuhin ang mga dokumentong hinihingi ng opisina upang ganap na maikonsidera sa housing award.

Maaari silang magtungo sa tanggapan ng HSD sa Lower Ground Level ng Calamba City Hall upang lubos na maipaliwanag sa kanila ang proseso at mga requirements ng aplikasyon. *-Nona Reyes*

# SERBISYO PUBLIKO INIHATID NOONG PANAHON NG PASKO

1,123 pamilyang naapektuhan ng bagyong Maringmulasa Barangay Parian, San Cristobal, Barangay 2, Paciano Rizal at Mapagong ang binahaginan ng relief goods ng PamahalaangLungsod ng Calamba sapamumuno ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco at ng Sangguniang Panlungsod . Hindi man direktang tinamaan ng bagyo ang atinglungsod ,marami pa rin ang naapektuhan dulot ng hanging amihan. Isa lamang itosaiba't-ibang programa at aktibidades naisinagawa ng City Social Services Department bago matapos ang taong 2017.

Isinagawa rin ang Peer Councilors Training Seminar na dinaluhan ng iba't-ibang Youth Organizations ditosa Calamba tulad ng Pag Asa Youth Association – Calamba, Kiwanis Club of Laguna-Phoenix at Destiny Ministry-Calamba. Layunin ng seminar na bigyan ng kasanayan ang mga kabataan kung paano sila makakatulong sa pagpapagaan ng suliraning dinadala ng kanilang kapwa kabataan na madalas ay mga problemang hindi masabi sa kani-kanilang mga magulang.

Binigyang-diin sa Personal Safety Seminar para sa mga Day Care Workers ang pamamaraan ng pagtuturo sa mga day care children ang tamang pangangalaga sasarili at sakatawan.

Namahaginaman ng hygiene kit bilang papasko sa mga solo parents ng ating lunsod na tinatayang 3,275 na mga solo parents. *-Marivic Balba*

# BARANGAY CHRISTMAS TREE CONTEST WINNERS



**Brgy. Parian**
**1st prize**



**Brgy. La Mesa**
**2nd prize**



**Brgy. Turbina**
**3rd prize**



**Brgy. Makiling**
**4th prize**




# DIRECTORY

OFFICE | LOCAL NO. 545-6789

MAYORS OFFICE 8307 / 8306

545-7887 FAX 8305 MO EXT 8225

OSCA 576-4963 SECTORAL 8213

**ATTY. JUSTIN MARC SB. CHIPECO**
CITY MAYOR

**HON. ROSELLER H. RIZAL**
CITY VICE MAYOR

VMO 8310 VMO Extension 8315 VMO Staff 8311

| | | | |
|---|---|---|---|
| SANGGUNIANG PANLUNGSOD | 8240 | HON. PEEWEE PEREZ | 8321 |
| HON. EDGARDO CATINDIG | 8322 | HON. ANGELITO LAZARO | 8317 |
| HON. MOISES MORALES | 8318 | HON. DYAN ESPIRIDION | 8324 |
| HON. SATURNINO LAJARA | 8319 | HON. JOHNNY LAZARO | 8320 |
| HON. MARIA VIRGINIA ALCASID | 8325 | HON. SANTIAGO ATIENZA | 8323 |
| HON. CHARISSE ANNE HERNANDEZ | 8326 | HON. EDISON NATIVIDAD | 8316 |

**ACCOUNTING** 8202 / 8203 / 8204
**ADMIN** 8303
**AGRI** 8001 / 8002
**ASSESSOR** 8107 / 8108 / 8109
**BPTFO** 8100 / 8101 / 8102 / 8104
**BUDGET** 8205 / 8206
**BUILDING** 8030 / 8031
**CENRO** 8217 / 8218
**COOP** 8018 / 8019
**CPDO** 8208 / 8209 / 8210
**CSSD** (DSWD) 8226 / 8120
**ENGINEERING** 8211 / 8212 / 8214
**GSO** 8008 / 8007 / 8006/8207/8200
**HEALTH** 8015 / 8016
**HOUSING** 8020 / 8021
**HRMO** 8219 / 8220
**IIPESO** 8011 / 8012 / 8014
**IT** 8005
**LEGAL** 8221 / 8222

**POPULATION** 8329
**POSO** 8024 /8025/ 8026
**REGISTRY** 8115 / 8116 / 8117
**TOURISM** 8331 / 8332
**TREASURY** 8110 / 8111 / 8112 / 8114
**VET** 8003 / 8004

**PNP** 8702 / 8700 / 8701
**BFP** 8601 / 8600
**CCC** (049) 545-0160/545-0555/502-0677
**CMDC** 306-0112 / 545-4384
**COA** 8215 / 8216
**COMELEC** 8017
**DepEd** 545-7331 / 545-5797 / 502-2520
**DILG** 8223 / 8224
**LANDBANK** 545-0177
545-0176 (CASHCARD)
**WATER DISTRICT**
545-1614 / 545-2863 / 545-2728 / 545-7895


## EDITORIAL BOARD

**MRS. NOEMI E. TALATALA**
*Editor -In- Chief*

**CECIL H. CANILLAS**
*Associate Editor*

**MARIVIC D. BALBA**
*Features Editor*

**MOISES ALCASABAS**
*Managing Editor*

Staff Writers:
**RETCHIE PELIPADA,ANALIZA CERVANTES, JOJO BUSAYONG, JOEL CABACTULAN**

**RIZZA JANE L. JUMARANG**
Lay-out Artist

**RIKATHRINA C. LANZANAS**
Graphic Designer

**MONTE OPULENCIA/DENNIS CEPEDA**
Photographer


https://www.facebook.com/attyjustinmarcsbchipeco/




https://www.facebook.com/calambalita




https://www.facebook.com/iipeso.calamba




https://www.facebook.com/Cciolipeso/




https://www.facebook.com/kalanbangaDEN/







